Mensahe Tatlo

# Pagtutuos sa Ating Puso para sa Paglago ng Dibinong Binhi ng Buhay sa loob Natin tungo sa Ating Paggulang sa Buhay para sa Pagtatayo ng Diyos sa Buhay

Babasahin sa Kasulatan: Mat. 5:8; 13:3-9, 18-23; Kaw. 4:23; Jer. 32:39; Efe. 3:16-17

**I. Dapat nating tuosin ang ating puso sa liwanag ng presensiya ng Panginoon para sa paglago ng dibinong binhi ng buhay sa loob natin tungo sa ating paggulang sa buhay; ang puso ang pinagsama-samang panloob na bahagi ng tao, ang nangungunang kinatawan ng tao, ang kanyang kumikilos na kasangkapan:**

A. Ang ating puso ay isang kabuoan ng lahat ng bahagi ng ating kaluluwa—ang isip, ang damdamin, at ang pagpapasya (Mat. 9:4; Heb. 4:12; Gawa 11:23; Juan 14:1; 16:22)—at saka isang bahagi ng ating espiritu—ang budhi (Heb. 10:22; 1 Juan 3:20).

B. Ang pag-eensayo ng espiritu ay magkakabisa lamang kung ang ating puso ay aktibo; kung mapagwalang-bahala ang puso ng tao, ang kanyang espiritu ay makukulong sa loob at hindi maipakikita ang kakayahan nito—Mat. 5:3, 8; Awit 78:8.

C. Ang kaluluwa ay ang persona mismo, subalit ang puso ay ang persona sa pagkilos; ang puso ang kumikilos na sangkap, ang kumikilos na komisyoner, ng ating buong katauhan.

D. Ang mga aktibidad at mga pagkilos ng ating pisikal na katawan ay nakadepende sa ating pisikal na puso; sa gayunding paraan, ang ating pang-araw-araw na pamumuhay, ang paraan ng ating pagkilos at paggawi, ay nakadepende sa kung anong uri ng sikolohikal na puso na mayroon tayo.

E. Ang puso ang pasukan at labasan ng buhay, ang “switch” ng buhay; kung ang puso ay hindi tama, ang buhay sa espiritu ay mahahadlangan, at ang kautusan ng buhay ay hindi makagagawa nang malaya at nang walang pang-aabala upang maabot ang bawat bahagi ng ating katauhan; bagamat may dakilang kapangyarihan ang buhay, ang dakilang kapangyarihan na ito ay kontrolado ng ating maliit na puso—Kaw. 4:23; Mat. 12:33-37; cf. Ezek. 36:26-27.

**II. Itinatayo ng ating paglago sa buhay ang ekklesia bilang Katawan ni Kristo, na nagaganap sa paglago ni Kristo bilang binhi ng buhay sa ating puso (1 Juan 3:9; 1 Ped. 1:23; Col. 2:19; Efe. 2:21; 4:15-16; Mat. 13:18-23); kailangan nating makipagtulungan sa Panginoon sa pamamagitan ng pagtutuos sa ating puso nang sa gayon ay maingatan ito sa mga sumusunod na katangian:**

A. Ninanais ng Diyos na maging malambot ang ating puso:

1. Kapag tinutuos ng Diyos ang ating puso, inaalis Niya ang pusong bato mula sa ating laman at binibigyan tayo ng isang pusong laman, isang malambot na puso—Ezek. 36:26.

2. Ang maging malambot ay nangangahulugan na ang ating puso ay mapagpasakop at mapagbigay sa Panginoon, hindi matigas ang ulo at rebelde—cf. Exo. 32:9.
3. Ang isang malambot na puso ay ang mabuting lupa kung saan maaaring lumago si Kristo nang malaya; ito ay isang puso na hindi napatigas ng makasanlibutang trapiko, na walang makasariling paghahangad at na walang kabalisahan ng kapanahunan at daya ng kayamanan—Mat. 13:3-9, 18-23.
4. Pinalalambot ng Diyos ang ating puso sa pamamagitan ng paggamit ng Kanyang pag-ibig upang antigin tayo; kung hindi tayo maaantig ng pag-ibig, gagamitin Niya ang Kanyang kamay sa pamamagitan ng kapaligiran upang disiplinahin tayo hanggang sa lumambot ang ating puso—2 Cor. 5:14; 4:16-18; Heb. 12:6-7; cf. Jer. 48:11.

B. Ninanais ng Diyos na maging dalisay ang ating puso:
1. Ang isang dalisay na puso ay isang puso na umiibig sa Diyos at ninanais ang Diyos; maliban sa Diyos, wala na itong ibang iniibig, ingklinasyon, o nais—Mat. 5:8; Awit 73:25; cf. Jer. 32:39.
2. Ang ating puso ay dapat maging tapat sa Diyos nang sa gayon ay hindi tayo matakot sa anuman maliban sa masaktan Siya at mawala ang Kanyang presensiya—Awit 86:11; Isa. 11:1-2.
3. Ang maging dalisay sa puso ay ang magkaroon ng iisang gol na maisakatuparan ang kalooban ng Diyos para sa kaluwalhatian ng Diyos; ang dapat nating maging gol ay ang lubos na pagtatamasa at pagtatamo kay Kristo—Fil. 3:7-14.
4. Dapat nating habulin si Kristo "kasama ng mga nagsisitawag sa Panginoon mula sa isang dalisay [na puso]"—2 Tim. 2:22; 1 Tim. 1:5; Awit 73:1.

C. Ninanais ng Diyos na maging mapagmahal ang ating puso:
1. Ang isang mapagmahal na puso ay isang puso na ang damdamin ay umiibig sa Diyos, ninanais ang Diyos, uhaw sa Diyos, at nananabik sa Diyos, mayroong isang personal, mapagmahal, pribado, at espiritwal na kaugnayan sa Panginoon—42:1-2; A. A. 1:1-4.
2. Kailangan nating ibaling ang ating puso pabalik sa Panginoon nang muli't muli at patuloy na pabaguhin ito nang sa gayon ay magkaroon tayo ng isang bago at sariwang pag-ibig sa Panginoon—2 Cor. 3:16.
3. Ang lahat ng espiritwal na karanasan ay nagsisimula sa pag-ibig na nasa puso; kung hindi natin iniibig ang Panginoon, imposibleng makatanggap tayo ng anumang uri ng espiritwal na karanasan—Efe. 6:24; Apoc. 2:4-5.
4. Ang ating pag-ibig sa Panginoon ang nagpapaging-kuwalipikado, nagpapasakdal, at nagsasangkap sa atin na magsalita para sa Panginoon nang taglay ang Kanyang awtoridad; kung iniibig natin ang Panginoon sa sukdulan, tayo ay mapupuspos Niya at mag-uumapaw Siya sa atin—Juan 21:15-17; Mat. 26:6-13; 28:18-20.

D. Ninanais ng Diyos na magkaroon ng kapayapaan ang ating puso:

1. Ang pusong may kapayapaan ay isang puso na ang budhi ay walang pagkakasala, pangongondena, o paninisi—Gawa 24:16; 1 Juan 3:19-21; Heb. 10:22.
2. Kung ipahahayag natin ang ating mga kasalanan sa liwanag ng presensiya ng Diyos, matatanggap natin ang Kanyang pagpapatawad at ang Kanyang paglilinis nang sa gayon ay matamasa natin ang di-napuputol na pakikipagsalamuha sa Diyos nang may mabuti at dalisay na budhi—1 Juan 1:7, 9; 1 Tim. 1:5; 3:9.
3. Ang resulta ng pagsasagawa ng pakikipagsalamuha sa Diyos sa loob ng panalangin ay yaong natatamasa natin ang kapayapaan ng Diyos, na sa katunayan ay ang Diyos bilang kapayapaan na nagbabantay sa ating mga puso at mga kaisipan kay Kristo, pinananatili tayong mahinahon at payapa—Fil. 4:6-7.
4. Kailangan nating hayaan ang kapayapaan ni Kristo na mamagitan sa ating mga puso sa pamamagitan ng pagpapatawad sa isa't isa upang ibihis ang isang bagong tao—Col. 3:13-15.

**III. Kailangan nating makita ang mga hadlang na kinakaharap ng buhay ng Diyos sa ating puso:**

A. Ang unang suliranin na kinakaharap ng buhay ng Diyos sa atin ay yaong hindi natin natatanto ang kadiliman ng ating pantaong konsepto—2 Cor. 3:14; 4:4:
1. Kailangan nating makita na ang tanging bagay na mahalaga sa buhay-Kristiyano ay kung paano natin iniingatan ang Kristo na buháy sa atin—Gal. 1:16; 2:20; 4:19; Fil. 1:19-21; 2 Cor. 3:18.
2. Ang maging isang Kristiyano ay nangangahulugang hindi pagkuha ng anumang bagay liban kay Kristo bilang ating hangarin; maraming tao ang may paghihirap sa kanilang espiritwal na buhay pagkatapos nilang maligtas dahil hindi nila alam ang daanan ng buhay, at hindi nila kinukuha si Kristo bilang kanilang buhay—Roma 8:6.

B. Ang ikalawang suliranin na kinakaharap ng buhay sa atin ay ang pagkukunwari—Mat. 6:2, 5; 7:5; 23:13-29:
1. Ang espiritwalidad ng isang tao ay hindi mababatid sa panlabas na anyo kundi sa kung paano niya iniingatan ang nananahanang Kristo.
2. Ang ating natural na kabutihan ay huwad na espiritwalidad at sa katunayan ay isang malaking hadlang sa buhay; ang kahayagan ng buhay ay may kinalaman sa pagtanggi sa ating natural na disposisyon at pagpipili at pagpapahintulot lamang kay Kristo na gumawa sa atin at basagin tayo.
3. Kung palagi tayong gumagawa ng mga bagay ayon sa ating disposisyon at natural na katangian, ang kalalabasan ay palaging magiging pagkukunwari.

C. Ang ikatlong suliranin na kinakaharap ng buhay sa atin ay pagrerebelde—2 Cor. 10:4-5:
1. Gumagawa at kumikilos si Kristo sa atin upang gawin tayong malinaw tungkol sa Kanyang kalooban at kahilingan sa atin at tungkol sa Kanyang pangunguna at pagtutuos sa atin.

*© 2023 Living Stream Ministry*

2. Gayunpaman, kung hindi tayo susunod bagkus sasalungatin ang damdamin sa loob, hindi tinatanggap ang Kanyang pangunguna o nagbabayad ng halaga, ang pagiging di-laan at pagsalungat na ito ay pagrerebelde.
3. Ang kasalanan na pinakamadalas at pinakamatindi nating ginagawa ay hindi panlabas at nakikita; sa halip, ito ang kasalanan ng di-pagsunod sa pandama ni Kristo sa loob natin; si Kristo ay namumuhay sa atin, at Siya ay palagiang nagbibigay sa atin ng panloob na pandama ng buhay—Roma 8:6; 1 Juan 2:27; cf. Efe. 3:1; 4:1; 6:20; 2 Cor. 2:12-14.

D. Ang ikaapat na suliranin na kinakaharap ng buhay sa atin ay ang ating natural na kakayahan:
1. Maraming mga kapatid ang totoong umiibig sa Panginoon, masigasig para sa Panginoon, at talagang makadiyos; gayunpaman, ang kanilang pinakamalaking suliranin ay ang kalakasan at kalakihan ng kanilang kakayahan at abilidad; dahil dito, walang batayan o daan si Kristo sa kanila.
2. Maaaring tayo ay may kakayahan at may talento, subalit hindi natin itinuturing ang mga bagay na ito na kasalanan o karumihan; sa halip na kamuhian ang ating mga natural na kakayahan, pinahahalagahan natin sila; kung ang mga ito ay mananatiling hindi nabasag sa atin, ang mga ito ay magiging suliranin sa buhay ni Kristo.

E. Kung ninanais natin na hindi mahadlangan ang buhay ni Kristo sa atin, kailangan nating maranasan ang pagbasag ng krus at hayaan ang mga hadlang na ito na matuos at maalis—Mat. 16:24-25.

**IV. Kailangan nating makita ang mga subhektibong harang na kinahaharap ng buhay ng Diyos sa ating puso:**

A. Ang unang subhektibong suliranin ay ang suliranin sa ating isip:
1. Kung ang mga bagay na ninanais nating gawin ay nagmumula sa ating mga kaisipan, kung gayon ang mga bagay na ito ay magiging mga relihiyosong aktibidad na lamang, kahit pa ito ay maging matagumpay; ang mga ito ay hindi patotoo ng Kristo na naipamuhay mula sa ating espiritu—cf. Fil. 2:5; 1 Cor. 2:16; Efe. 4:23; Roma 12:2.
2. Bagaman mayroon tayong buhay ni Kristo sa loob, hindi tayo nakikipagtulungan sa buhay ni Kristo sa ating mga kaisipan at mga pagkilos, at sa gayon ang buhay na ito ay hindi maipamuhay mula sa atin.
3. Kapag ang ating kaisipan ay nakatuon sa espiritu, ang ating mga panlabas na pagkilos ay naaayon sa ating panloob na tao, at walang hindi pagkakatugma sa pagitan natin at ng Diyos; Siya at tayo ay may kapayapaan, walang alitan; ang resulta ay yaong nakadarama tayo ng kapayapaan sa loob—8:6.

B. Ang ikalawang subhektibong suliranin ay ang suliranin sa ating pagpapasya:
1. Bagamat madalas na nauunawaan ng ating kaisipan ang intensiyon ng ating espiritu, at alam natin ang kalooban ng Diyos, hindi tayo laan na magpasakop at sumunod.

2. Maaari nating maunawaan, malaman, matalastas, at madama nang lubos na ninanais ng Diyos na gumawa tayo ng isang tiyak na bagay, subalit hindi pumapayag ang ating pagpapasya na magpasakop at sumuko, at naiwawala natin ang presensiya ng Panginoon.
3. Kapwa ang isang malakas na pagpapasya at ang isang mahinang pagpapasya na isagawa ang kalooban ng Panginoon ay mga hadlang sa buhay ng Diyos; ang isang pagpapasya na natuos ay kapwa malakas at madaling mabaluktot sa pamamagitan ng pagiging nagapi at nabuhay na muli ng Panginoon; ang pagkakaroon ng isang pagpapasya na maaaring makipagtulungan sa Diyos ay isang dakilang bagay—Fil. 2:13.

C. Ang ikatlong subhektibong suliranin ay ang suliranin sa ating damdamin:
1. Kailangan ng ating damdamin na magkaroon ng damdamin ng Diyos, at kailangan nating makapasok nang lubusan sa damdamin ng Diyos—2 Tes. 3:5; Fil. 1:8.
2. Dapat nating ibigin anuman ang iniibig ng Diyos, gustuhin anuman ang gusto ng Diyos, at kamuhian anuman ang kinamumuhian ng Diyos; ang ating damdamin at ang Kanyang damdamin ay dapat maging iisang damdamin—Efe. 5:25; 2 Cor. 12:15; 1 Cor. 16:24; Apoc. 2:6; Fil. 1:8.

D. Araw-araw nating kailangan na mapalakas tungo sa panloob na tao nang sa gayon si Kristo bilang buhay ay makagawa ng Kanyang tahanan sa mga pangunahing bahagi ng ating puso—ang ating isip, pagpapasya, at damdamin—Eph. 3:16-17.

**V. Kaawaan nawa tayo ng Panginoon at buksan ang ating mata upang makita na ang sentrong gawain ng Diyos sa kapanahunang ito ay yaong matamo ng tao ang Kanyang buhay at lumago at gumulang sa Kanyang buhay; ang ating gawain ay dapat maging pamamahagi at pagtutustos ng buhay ng Panginoon sa iba; tanging ang gawain na nagmumula sa Kanyang buhay ang makaaabot sa Kanyang walang hanggang pamantayan at magiging katanggap-tanggap sa Kanya—Juan 7:37-39a; 2 Cor. 4:10-12; 1 Juan 5:16a; 2 Cor. 3:3, 6.**

*© 2023 Living Stream Ministry*